IJNRD.ORG ISSN : 2456-4184
INTERNATIONAL JOURNAL OF NOVEL RESEARCH AND DEVELOPMENT (IJNRD) | IJNRD.ORG
An International Open Access, Peer-reviewed, Refereed Journal

# MGA AKDANG PAMPANITIKAN SA BAYAN NG JUBAN

**[1]Joanne D. Dichoso, [2]Felisa D. Marbella**

Sorsogon State University
Paaralang Gradwado
Lungsod Sorsogon

*Abstrak :* Natiyak sa pag-aaral na ito na malaman ang iba't ibang uri ng mga akdang pampanitikan mula sa bayan ng Juban, Sorsogon. Kwalitatib-analisis ang disenyo ng pag-aaral. Purposive sampling ang ginamit sa pagpili ng mga impormante upang makakuha ng mga akdang Jubangnon. Ang mananaliksik ay nagsagawa ng pakikipanayam sa mga lokal na opisyales upang makatulong sa pagtukoy ng mga manunulat na Jubangnon. Ang mga nakalap na mga akdang pampanitikan ay nilikom at ginamitan ng dokumentari-analisis sa pagtukoy ng mga kinailangang datos. Ang mga impormante sa pag-aaral na ito ay binubuo ng apat (4) na manunulat sa bayan ng Juban na ibinigay mula sa opisina ng turismo. Tatlo(3) sa manunulat ay personal na nakapanayam ng mananaliksik upang makuha ang akda samantalang, ang akda ng isang pumanaw nang manunulat ay nakuha mula sa opisina ng turismo. Ang mga manunulat na nabanggit lamang ang mayroong pagkilala natanggap mula sa bayan ng Juban, Sorsogon. Natuklasan na ang mga manunulat na Jubangnon ay nakahiligang sumulat ng mga panitikang patula tulad ng awit, tula at rawit-dawit. May magkakaparehong tema mayroon ang akdang pampanitikang Jubangnon. Malaki ang naiambag ng mga Panitikang Jubangnon sa pagkilala sa bayan ng Juban. Inirerekomenda na maaring gawan ng mga recording ang mga awitin na Jubangnon upang maipakilala sa tulong ng lokal na mga radio station. Maaaring magsagawa ng mga workshop upang makatuklas ng mga bagong manunulat sa bayan ng Juban, Sorsogon. Nararapat na makipagtulungan at magkaisa ang lahat sa pagpapaunlad at pagpapalaganap ng panitikang Jubangnon upang higit na makilala at mapahalagahan ang lugar, kultura, kasaysayan at yamang mayroon ang bayan ng Juban. Magsagawa ng iba pang pag-aaral na may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik upang maging sandigan at gabay ng susunod na mga mananaliksik sa ganitong paraan makakatuklas ng mga panibagong akdang pampanitikan at manunulat, upang lubos na tangkilikin at kilalanin natatagong panitikan sa pamamagitan ng paglalathala ng mga ito.

***Susing-salita:*** *Akdang pampanitikan, Akdang Jubangnon, tema, ambag, manunulat*

## 2.INTRODUKSYON

Tunay ngang ang daan sa pagkilala ng ating pinagmulan ay ang pagsipat-muli sa nakaraan, sa mga paniniwala at mga salaysayin sa bawat pinagmulan ng mga bagay-bagay ng isang lugar o pangkat ng bawat nilikha sa daigdig na ito ay maging daan upang malaman natin ang ating pinagmulan. Ang mga gawaing ito ay maituturing na isang tunay na panitikan.

Ang panitikan ay sumasalamin sa kultura at buhay ng isang bayan o lugar. Sa kasalukuyan tayo ay nabubuhay sa ating kinagisnang kultura at tradisyon. Marami man tayong pinagkakaiba-iba sa ating paniniwala at kultura maging sa mga panitikang naglalaman ng ating kinagisnan. Nagkakaisa pa rin tayo sa paniniwalang ang pantikan ay kabuhol ng ating pagkatao. Sa pamamagitan ng mga akda nakikilala ang tatak ng bawat lugar sa bawat bahagi ng daigdig na nagpapanatili at nagpapayaman ng mga panitikan. Ayon kay Arrogante et.al (2010)[1] ang bawat bansa ay may sari-sariling kultura, may sari-sariling identidad pagkakakilanlan ng bawat isa. Sa gayon ito ay nagpapakita na ang bawat bansa ay may kani-kanilang pagkakakilanlan na nagiging daan upang makilala ang isang lahi o grupo na isinasatitik at nababasa ang mga akdang pampanitikan para sa susunod na henerasyon ito ang salamin ng kanilang kultura ang panitikan ng buhay.

Napatunayan na malaki ang ginagampanan ng panitikan sa buhay ng bawat lugar sa mundo. Ito ang nagsisilbing daluyan ng mga damdamin, kaalaman, hinuha, at pag-ibig sa bayang pinagmulan dahil dito nakikita kung ano ang buhay ng mga tao noon at sa pamamagitan ng mga tula, nobela, kantahin, talumpati, at kuwentong bayan natutukoy kung gaano makulay ang mga akdang pampanitikan ng mga manunulat na nagbibigay daan upang mas makilala at pahalagahan ang panitikan ng isang lugar.

Ayon kay Pineda (2006)[2], kung mahalaga ang pag-aaral ng panitikan ng ibang bansa, higit na mahalagang mabatid ang panitikan ng sariling bansa at rehiyon. Mamumulat ang kanilang nakaraan, kaugalian, tradisyon, at paniniwala. Sa sulatin naman ni Pangkalinawan (2006)[3], ang panitikan ay nagbibigay hugis sa mga bunga ng makabuluhang karanasan ng tao.

Batay sa Artikulo XIV, Seksyon 15-16 ng kontitusyong 1987[4], dapat tangkilikin ng Estado ang mga sining at panitikan. Dapat pangalagaan , itaguyod , at ipalaganap ng Estado ang pamanang historikal at kultural at mga likha at mga batis artistiko ng

bansa. Ang lahat ng mga kayamanang artistiko at historiko ng bansa ay bumubuo sa kayamanang kultural nito dapat pangalagaan ng Estado na maaring maregula sa disposisyon nito.

Ang Rehiyon Bikol ay mayaman sa panitikan na naging daan upang lubos na makilala ng ibang rehiyon. Sinabi ni Ramos (2014)[5] na ang Rehiyong Bikol ay lubhang mayaman sa iba't ibang uri ng akdang lokal,nababasa ang mga ito sa anyong dula, tigsik, tula, rawit-dawit, mga awiting Bikol at iba pang anyo ng panitikan.

Sa pagpapatupad ng CHED Memorandum No.59, s.1996[6] naglalayong maituro ang panitikan ayon sa rehiyong kanyang kinabibilangan. Ang patakarang ito ay nagbigay ng isang napakalaking impak sa mga Bikolanong manunulat upang maipakita ang kanilang natatanging kakayahan at katuturan ayon sa kanilang kinabibilangang bayan.

Ang bayan ng Juban ay isang lugar na matatagpuan sa bayan ng Sorsogon, Bicol. Ito ay nahahati sa 25 na barangay. Ang bayang ito ay mayroong iba't ibang bersyon ng kasaysayan.

Nabanggit sa pag-aaral ni Estera (2018)[7] na ayon sa kasaysayang pinaniniwalaan ang pangalan ng bayan ng Juban ay nanggaling sa salitang bikol na Gojuban na may ibig sabihing kumuha ng katas mula sa punong mili-pili na masaganang tumutubo sa lugar na ito. Ang katas ay ginagamit bilang pangpailaw na ginagamit ng mga tao sa paghahanap ng makakain at paglalakbay sa lugar.

Ito ay nagpapakita na mayroong panitikan ang bayan ng Juban na nagbigay interes sa mananaliksik na tuklasin ang iba pang anyo ng panitikan na mayroon ito. Ito ay upang maging daan sa pagkilala, pagtuklas, at maaaring maging lunsaran sa pagtuturo ng panitikan ng sa gayon ay mas maunawaan ng mga mamamayan at mag-aaral ang kahalagahan ng sariling likhang panitikan na makatutulong sa pagpapahalaga at pagbibigay kaaalaman sa isa't isa.

Sa pagtatanong-tanong ng mananaliksik sa tanggapan ng turismo ay napag-alamang wala pang nailalathala na mga akdang pampanitikan ang bayan ng Juban pero mayroong mga manunulat ang bayan. Kailangan lamang itong maipakilala at mabigyan ng pagkakataong maipakita ang kanilang mga akdang naisulat na magiging daan upang mas mapalawak at mapahalagahan ang ganda ng bayan ng Juban pagdating sa mga akdang pampanitikan. Layunin kung gayon ng pag-aaral na ito na alamin ang iba't ibang anyo ng panitikan ng bayan sa tulong ng mga manunulat.

## 3. METODOLOHIYA

### 3.1 Mga Impormante

Ang mga impormante sa pag-aaral na ito ay binubuo ng apat (4) na manunulat sa bayan ng Juban na ibinigay ng opisina ng turismo. Tatlo (3) sa manunulat ay personal na nakapanayam ng mananaliksik upang makuha ang mga akda samantalang ang akda ng isang pumanaw nang manunulat ay nakuha mula sa opisina ng turismo. Ang mga manunulat na nabanggit lamang ang mayroong pagkilala natanggap mula sa bayan ng Juban, Sorsogon.

Isa sa manunulat na kinilala ay si G. Zaldy Grefaldeo isa siyang retiradong guro at binigyan ng parangal/pagkilala sa kanyang mga akda bilang Valuable Contribution towards Enrichment of Juban Culture (Resolution n0.44 s. 2019).

Si G. Raymund Zaldy Grefaldeo ay kasalukuyang guro sa Jose Alindogan Elementary School (JGAES) at kilalang musikero sa bayan ng Juban. Noong sumali ito sa 1st Division Coral Festival sa Division of Sorsogon Province ay isa sa mga nanalo ang kanyang akda. Sa pangyayaring ito nakatanggap nang imbitasyon sa mga pagtitipon sa munisipyo ng Juban at binigyan ng pagkilala ng bayan ng Juban.

Si Gng. Milky Susanna G. Aurelio, isang guro at mananayaw. Kinilala ang kanyang piyesang ginawa noong nanalo ito sa kontest ng barangay at pinarangalan ng lokal na pamahalaan ng Juban sa pamamagitan ng paglagay nito sa babasahing lokal ng bayan.

Si G. Jose Fiqueroa, dating gobernador ng Sorsogon ay kinilala ang kanyang salin na akda mula sa orihinal na akda ni Dr. Jose P. Rizal na Mi Ultimo Adios at isinalin ito sa Bikol na may pamagat na Huring Paaram. Nakasama ang akda nito sa Tracing ng Sorsogon.

### 3.2 Paraan ng Paglikom ng mga Datos

Ang pagkalap ng mga datos ay sinimulan sa pamamagitan ng pagbuo ng liham-pahintulot upang maipabatid at mapagtibay ang ginawang pag-aaral. Nakipag-ugnayan ang mananaliksik sa opisina ng alkalde sa bayan ng Juban, Sorsogon at maging sa opisina ng turismo upang makipag-ugnayan at makahingi ng listahan ng mga manunulat sa Juban.

Ang mananaliksik ay nagpasama sa kakilalang residente ng Juban upang ang mga impormante ay mapuntahan sa sariling tahanan at mailahad ang layunin ng pag-aaral. Ang mga impormante ay nagbigay ng panahon kung kailan maaaring kapanayamin patungkol sa pananaliksik na isinagawa.

Personal na pinamahalaan ng mananaliksik ang paglikom ng datos. Bago simulan ang pakikipanayam ay humingi muna ng pahintulot ang mananaliksik sa paggamit ng audio-rekorder upang mairekord ang mangyayaring panayam. Ang mga nalikom na datos ay naging basehan sa pagbuo ng gawain at konklusyon ng pag-aaral.

Ang datos ay sinimulang likumin Abril, 2023 hanggang Hunyo, 2023. Ang paglikom ng mga datos ay naisagawa sa petsang ibinigay ng bawat manunulat sa mananaliksik. Humingi rin ng kopya sa opisina ng turismo upang mas madagdagan ang impormasyong nakuha.

## IV. RESULTA

### MGA NATUKLASAN

Inilahad sa bahaging ito ang interpretasyon sa mga nakalap na impormasyon mula sa mga impormante ng pagaaral na ito. Iprenesinta nang sunod-sunod ang mga datos upang matamo ang layunin ng pag-aaral.

**Mga Akdang Pampanitikan sa Bayan ng Juban**

Makikita sa Talahanayan 1 ang mga akdang pampanitikan sa bayan ng Juban. Iba-ibang uri ng akdang pampanitikan nakalap. Kinapapalooban ito ng awit, tula, at rawit-dawit. Ang mga ito ay isinulat ng mga Jubangnon na nagpapakita ng kahiligan at pagpapahalaga sa sariling likha tungkol sa pagmamahal sa bayan , yamang likas , mga produktong Jubangnon , mga himno na nagbukas ng panibagong pag-asa , mga natatanging lugar na dinaradayo ng mga turista sa bayan ,pamumuhay , paniniwala at iba't ibang damdamin ng manunulat patungkol sa pag-ibig sa kapwa.

**Talahanayan 1**
**Uri Ng Mga Akdang Pampanitikan**

| **Awit** | **Deskripsyon** |
|---|---|
| Kadi na sa Juban* | *Ito ay patungkol sa yamang likas na matatagpuan sa bayan ng Juban. |
| Salamat* | *Ito ay tungkol sa paglalayong ipaalala sa mga Jubangnon ang kahalagahan ng pagkakaisa at pagpapahalaga tungo sa kaunlaran ng bayan ng Juban. |
| Juban kong Padangat* | *Ito ang nagpakilala at nagbibigay halaga sa pinagmulan ng Juban. |
| Magayon na Juban* | *Ito ay naglalaman ng mga natatanging produkto,lugar at pag-uugali sa bawat barangay sa bayan ng Juban. |
| Juban hymn* | *Himnong inaawit sa mga ahensya sa bayan ng Juban. |
| Juban Institute hymn** | *Himno inaawit sa isang pribadong paaralan sa bayan ng Juban. |
| Sisimulan ko*** | *Awitin tungkol sa matiising pag-ibig ng mga kababaihan. |
| Isang umaga *** | *Awitin tungkol sa pasasalamat ng mga mag-aaral sa nalalapit na pagtatapos sa sekondarya. |
| Guruyan Hymn *** | *Himno na inaawit sa paaralan ng Guruyan sa bayan ng Juban. |
| **Tula** | |
| Ang huring paaram**** | *Tula mula sa orihinal na sulat ni Jose P. Rizal na isinalin sa bikol. |
| Loving you** | *Tulang tungkol sa paghahangad sa pag-ibig ng isang tao. |
| On summer** | *Tulang tungkol sa masasayang ala-ala sa panahon ng tag-init. |
| My reverse poetry** | *Tulang tungkol sa mga hinanakit at kalungkutan dulot ng pag-ibig |
| All of me** | *Tulang tungkol sa pagpapadama ng wagas na pag-ibig |
| **Rawit-dawit** | |
| Produktong Jubangnon, Padabaon* | *Rawit dawit tungkol sa kabuhayan ng mga jubangnon sa bayan ng juban. |
| Makasusuriaw ang saimong kagayonan*** | *Rawit dawit tungkol sa pamumuhay , kultura at pag-uugali ng mga jubangnon sa bayan ng juban. |

**Pananda:** *Zaldy Grefaldeo,
**Raymund Zaldy Grefaldeo
***Milky Susanna G. Aurelio,
****Jose Fiqueroa

**Awit.** Sangay ng sining na ukol sa kathang may himig, tunog, indayog at karaniwang inaawit sa paraang pangmusika. (Komisyon sa Wikang Filipino Diksiyonaryo, 2021)[8] Ang mga akdang awit ay isa sa mga uri ng sinaunang panitikang Pilipino na naging popular bago paman dumating ang mga Espanyol. Mayroong siyam (9) na awit ang nalikha ng mga manunulat na Jubangnon ay ang sumusunod: Ang awit na Kadi na sa Juban, Salamat, Juban kong Padangat, Magayon na Juban, Juban hymn, Juban Institute Hymn, Sisimulan ko, Isang Umaga at Guruyan Hymn ay ang mga awit sa bayan ng Juban.

Batay sa deskripsyon na ibinahagi ng may akda sa mananaliksik ang mga akdang naisulat ay mayroong malaking pagkilala sa mga yamang-likas tulad ng natatanging paliguan na dinarayo ng mga turista, narito ang Tanke sa bacolod, Isla Del sol, Buraburan at La kristy na mayroong malinis na tubig na hanggang sa kasalukuyan ay pinagkukunan ng inuming tubig, magagandang paliguan at produktong mayroon ang juban tulad dugos, mais ,susu at santuaryong pinagkukunan ng ikinabubuhay gaya ng mga isda. Maging ang pagpapahalaga ng bawat Jubangnon sa kinagisnang buhay at pinagmulan nagpapakita sila ng pagkilala sa mga yaman mayroon ang bayan gaya ng sinaunang bahay na matatagpuan lamang sa bayan ng Juban na dinarayo ng mga turista at ang simbahang gawa sa bato na nagbubuklod sa pananampalataya ng mga Jubangnon, pagkakaisa ng mga mamayan ng juban bilang isang maunlad na bayan. Pasasalamat sa nalalapit na pagtatapos ng mga mag-aaral sa tulong ng paaralang nagbigay pundasyon sa kanilang kaalaman at sa mga taong naniniwala sa kanilang kakayahan, pag-ibig ng kababaihan na nagpapakita ng pagiging matiisin para sa ikabubuti ng bawat isa. Mayroon rin mga pag-ibig na nagpapakita ng iba't ibang damdamin gaya ng paghahangad ng pagmamahal na wagas, pagsisisi na hindi naihayag ang dadamdamin na ninanais at pag-ibig na natagpuan na mayroong panghihinayang sa panahon na nakilala ang isang tao.

Ang awit na Kadi na sa Juban ay patungkol yamang mayroon ang bayan ng Juban, tulad ng saganang palaisdaan ,malinis na mga paliguan at inuming tubig. Ipinapakita ang bahagi ng awit na nagpapatunay nito.

*An Juban sarong lugar*
*na magayon, mayaman*
*Siring kan Sangtuaryo nin sira sa Sablayan*
*Sa Añog may burabod malinig na inuman*
*Sa Bacolod may tangkeng karigusan*
*(kadi na sa Juban)*

Habang ang awit na Salamat ay tungkol naman sa kahalagahan ng pagkakaisa at pagtutulungan tungo sa ikakaunlad ng bayan. Makikita ito sa bahagi ng awit.

*Salamat sa iyo gabos*
*Na nagtao nin bulahos na tabang*
*Nan naghinguha na an satong banwa*
*Na mag-uswag pa*
*Kaya ngani ipadagos ta na*
*Ining pagkasararo ta*
*Nan magdaramay sa pag asenso san banwa*
*(salamat)*

Ang awit naman na Juban Kong Padangat ay nagpapakita ng pagkilala sa pinagmulan ng bayan ng Juban bilang repleksyon ng kulturang mayroon ang bayan. Ito ang nagpapakilala na ang bayan ng Juban ay may mga natatanging panitikan makikita ito sa bahagi ng awit.

*May sarong lugar na pinagugujuban*
*Na ginigibung pulot ilaw kan banwaan*
*Bulawan na kapatagan makahoy na kadlagan*
*Mayaman na kadagatan mahiwas na kabas-an*
*(Juban kong padangat)*

Ang awit na Magayon na Juban nagpapakilala sa bawat natatanging produktong mayroon ang bawat barangay sa Juban ,gaya na lamang ng malalawak na taniman ng mga mais, palay, kamote at iba pang mga pananim.

*Sa Guruyan, Sangkayon, Calateo, Catanusan*
*Satong makikita, mahihiwas na kabas-an*
*Maogmang pagkitaon mararambong na tinanom*
*Na kun aranihan, garu bulawan paghilingon*
*(Magayon na Juban)*

Ang himno na Juban Hymn ay kakikitaan ng pagiging positibo ng mga Jubangnon sa hamon ng buhay para sa ikauunlad ng bayan ng Juban. Ipinapakita ang pagkakaisa at hangarin sa bayan ng Juban, ng mapagtagumpayan ang anumang hamon na dumating makikita ito sa bahagi ng awit.

*Maw-ot niamo an padagos na pag-uswag*
*Na pano nin kapakumbabaan*
*Nganing magdamay na maginhawa*
*Lambang saro na nag-irok sa satong Banwa*
*Paghihirasan gabos na kabuhayan*
*Na daing paabaw-abawan*
*Mag-orogmang lubos nan magkaburugkos*
*Magkaburuhay na makakapwa, maka-Diyos.*
*(Juban Hymn)*

Ang himno na Juban Institute Hymn na inaawit sa isang pribadong paaralan sa Juban ay nagbigay mensahe sa mga Jubangnon na ang pagpupursige ay hindi lamang sa ikakaunlad ng sarili kundi ito ay para sa dangal ng bayan para sa magandang kinabukasan ng bayan ng Juban. Makikita ito sa kinuhang bahagi ng awit.

*To our dearest Juban Institute*
*we are filled endless gratitude ,*
*we pledge our loyalty*
*to serve humanity*
*Our foundation of true education*
*impels to transform a thriving nation*
*all through the weather, you soar even higher*
*(Juban Institute Hymn)*

Ang awit na Sisimulan Ko ay patungkol sa kababaihan na nagpapakita ng pag-ibig na matiisin. Ito ay pag-ibig na dakila sa bawat kababaihang Jubangnon ,pagmamahal ang isa sa mga nagpapatatag sa pagsasama ng bawat jubangnon. Ipinapahayag ito sa bahagi ng awit nabanggit.

*Sa tuwing ika'y nasasaktan, nahihirapan*
*Naaalala ang aking ina*
*'Pagkat sa twing ika'y humihikbi,*
*pag- asa ng mundo'y nalalab*
*(Sisimulan ko)*

Ang awit na pinamagatang Isang Umaga ay tungkol sa pasasalamat sa magulang bilang sandigan sa magandang kinabukasan sa pamamagitan ng patuloy na pagsuporta at paggabay upang makamtan ang pangarap . Ipinapakita ito sa bahaging kinuha mula sa awit.

*Isang umaga na puno ng saya*
*Mga munting pangarap ay nabuo na*
*Nagsimulang tumayo sa sariling paa*
*Nanindigan sa kung ano ang paniniwala*
*(Isang umaga)*

Ang himno na Guruyan Hymn ay tungkol sa pundasyon ng karunungan tintutukoy rito, ang paaralan ng Guruyan na humubog sa bawat jubangnon, mangarap, magkaroon ng pag-asa , maniwala ,umibig at maging handa sa mga haharaping hamon ng buhay. Makikita ito sa bahaging kinuha mula sa awit.

*Guruyan… an puno nin paglaom*
*mo an puso nin lambang Jubangnon*
*Pangako niamong dae nanggad susuwayon*
*Kami ang bunga nin saimong nilalaom*
*An bunga nin puno nin paglaom.*
*(Guruyan Hymn)*

Ang mga awit na ito ay nagdudulot ng malaking epekto sa araw-araw na pamumuhay ng bawat Jubangnon. Sa pamamagitan ng pakikinig, mas nakakatuwang kilalanin ang kulturang kinagisnan. Lalo sa usaping yamang likas, katulad na lamang ng pangingisda bilang pangunahing hanapbuhay sa barangay Sablayan, barangay Añog na napagkukuhaan ng malinis na inumin at paliguan hanggang sa kasalukuyan. Ang pag-uugali katulad ng pagkakaisa at pagtutulungan ng bawat Jubangnon sa pagpapakilala at pagpapaunlad ng bayan na kinagigiliwan na ring dayuhin ng ilang turista tulad na lamang ng Tangke, La Cristy at Isla Del Sol na ilan sa kilalang paliguan sa bayan ng Juban.

Ang pagkakaroon ng panitikan na tumatalakay sa isang lugar ay tumatalima sa isinasaaad ng Presidential Decree No. 1505[9], dapat pangalagaan at ipreserba ang mga makasaysayang historikal at kultural sapagkat ito ay pagkakakilanlan ng isang bansa o bayan na siyang maging tulay sa paglago ng turismo. Ang mga ito ay magsisilbing sukatan sa mga bagay na maaaring maging resulta sa pagbuo ng isang kasaysayan ng isang lugar.

Ayon naman kay Arrogante et.al (2010)[10] na ang bawat bansa ay may sari-sariling kultura, may sari-sariling identidad na madaling pagkakakilanlan ng bawat isa. Kung kaya natural na ang bawat isa ay may sarili ring panitikan na nagsasalamin sa tangi at tunay na pagkatao, pagkalahi at pagkabansa. Ang mga panitikang ito ay nagsisilbing daan upang makilala ang kasaysayan at mayamang kultura ng isang lugar.

**Tula**. Mula kay Villafuerte (2000)[11], ang tula ay isang pagbabagong hugis sa buhay na ipinararating sa ating damdamin at ipinapahayag sa pananalitang nag-aangkin ng tumpak na aliw-iw at lalong mainam sa mga may sukat at taludtod. Ang Huring Paaram, Loving You, On Summer, My Reverse Poetry at All of Me ay ang mga akdang tula sa bayan ng Juban na makikitaan ng mga katangiang binanggit ni Villafuerte.

Ang tula na Huring Paaram na isinalin sa Bikol ni Jose Figueroa mula sa orihinal na akda ni Dr. Jose P. Rizal ay isang marubdob na pagmamahal para sa bayan, ang mainit na pagmamahal sa Pilipinas, ang hindi matitinag na layunin sa katarungan at reporma, at ang kahandaan na mag-alay ng sariling buhay para sa ikabubuti ng kanyang mga kababayan.

Ang tula na ito ay patuloy na bumubuhay sa mga puso ng mga Pilipino, nagiging inspirasyon, at nagpapaalaala ng di-mabilang na diwa ng kabayanihan na nagmumula sa bawat Pilipino. Isang inspirasyon ito sa mga jubangnon na mahalin at pahalagahan ang bayan.

*Aco magagadan oras nin pag-sinag sa licod nin diclom, aldao nin libertad,Cun hanap mo, banua, dugo mag-uarasac, uya an dugo co minsan anong oras.I-uasac mong biyo, di mo pagnyanongan, cun mataong curay sa aldao na iyan,Tara sacong laom dugo co uarasan, gayon nin banaag na bagong somirang.*

*(Huring Paaram)*

Ang tula na Loving You nagpapakita ng paghahangad sa pagmamahal ng isang tao. Handang magtiis at umaasa. Pagmamahal na hindi parin maiwawaglit, hanggang sa ngayon ay patuloy na umaasa at naghahangad na makuha ang taong minahal.

*Bring you back, in my arms , in my heart, in my life*
*you're a dream that I've been holding to no matter what*
*the future brings I'll be there beside you*
*loving you*
*(loving you)*

Ang tula na On Summer ay tungkol sa panahon kung saan nakatagpo ng pamamahal na bukod-tangi , panahon na nagkasama ay lubos ang kasiyahang nadama, Pagmamahal na nagbibigay rason upang magpatuloy na mabuhay at mananatili sa taong kanyang iniibig.

*The woman I ever loved*
*makes me feel alive*
*she makes me feel alive*
*on summer day*
*You are the reason I hold on*
*keeping my world run*
*who stay unlike the break of dawn*
*the north star I call home*
*(on summer)*

Ang tula My Reverse Poetry naman ay nagpapakita ng pagsisi sa nagawang pagkukulang at sa mga maling desisyon sa buhay. Ito'y pagpapahayag ng hinanakit at kalungkutang nadarama, pag-ibig na hindi lubosan naibigay. Humihingi ng kapatawaran upang maitama pa ang maling desisyon sa pag-ibig.

*Minsan nang natuon sa pagwawalang halaga*
*nagkulang sa maraming bagay, sa sarili't sa iba*
*nananalangin nang taimtim humiling ng awa at lunas*
*upang maitama pa ang bukas*
*(my reverse poetry)*

Ang tula na All of Me tungkol sa pag-ibig na natagpuan na katumbas ng buhay, sa taong kaniyang tunay na iniibig, gagawin ang lahat huwag lamang ito mawalay sa kanya. Magtiwala sa kanyang pag-ibig, buong pagkatao ay handang iaalay para sa taong pinakamamahal.

*Now that I have you*
*I would do anything ,coz I don't wanna lose you,*
*remember when I say this to you*
*That I promise to love you*
*with all of me*
*(all of me)*

Ang mga tula na ito ay patungkol sa pagpapahayag ng nararamdamang damdamin ng mga Jubangnon pagdating sa kani-kanilang iniibig. Gaya na lamang ng pagmamahal sa bayan, pagmamahal na umaasang maibalik, pagmamahal na natagpuan sa kaunting panahon ngunit bukod-tangi, pagmamahal na may pagsisi marahil sa kakulangan at pagmamahal ng wagas katulad ng buhay na handang ialay sa taong pinakamamahal.

Ang mga tula na ito'y pumukaw sa damdamin na makinig, umasa, hanapin at umasa sa pag-ibig na totoo. Nakakatulong ito sa mga Jubangnon na maging bukas sa pagmamahal. Sa pamamagitan ng pagkilala, pagbabasa at pagpapahalaga ng mga tulang jubangnon nakikita ang kawilihan ng sariling likha at nakapagpapahayag ng damdamin na magbukas ng panibagaong kalaman. Mahalagang naipapahayag ang bawat nararamdaman upang mabisang maipahatid ang damdamin.

Ang pagkiklala sa mga kinathang tula ng mga Jubangnon ay nagpapakita ng pagsuporta sa isinasaad ng ating konstitusyon. Mula sa Artikulo 14 Blg. 16 ng konstitusyon[12], ang lahat ng mga kayamang historikal at kultural ng bansa ay dapat pangalagaan at ipalaganap sa pagpapanatili at pagpapayaman ng panitikan ng isang bansa. Tinuran ni Tan (2008)[13] na ang mga akdang pampanitikan ay nagpapahiwatig ng mga karanasan ng tao sa iba't ibang anyo. Ang pag-uugali, pakiramdam, at pag-iisip ng tao at mga pangyayari ang mabisang naipahahatid sa mga mambabasa sa pamamagitan ng pagkakaugnay ng mga salita o pangyaayari.

**Rawit-dawit**. Anyo ng panitikan ng Bicol na may hawig sa tula, berso, at awit. Ito ay binubuo ng mga saknong na may bilang ng pantig na hindi tiyak at may malayang paksa. Karaniwang ginagamit ang rawit-dawit sa paglalarawan ng mga pangyayari, damdamin o karanasan ng may akda sa anyo ng tula. Ang rawit-dawit na naisulat ng mga Jubangnon ay ang Produktong Jubangnon, Padabaon at Makasusuriaw ang Saimong Kagayonan.

Ang rawit-dawit na Produktong Jubangnon, Padabaon nagpapakita ng likas na yaman na mayroon ang bayan kung saan ito ang nagbibigay-buhay, pamumuhay at pagkilala sa bayan.

*Kararigos na man kita sa baryo san Buraburan*
*An mapresko na burabod dianisun paglanguyan*

*Ugbos gabi, lubi- lubi, pako na magugulay*
*Mayad sa salud, pampahalaba san buhay*
*(Produktong Jubangnon,padabaon)*

Ang rawit-dawit na Makasusuriaw ang Saimong Kagayunan ay nagbukas ng pagkakakilanlan ng mga Jubangnon sa kanilang kultura, pakikipag-kapwa, at yaman na mayroon ang bayan ng Juban. Upang mas ipakilala ang kagandang mayroon ang mga Jubangnon pagdating sa pag-uugali gaya ng bukas-palad na pagtanggap ng mga panauhin, pamumuhay ng matapat na naaayon sa kagustuhan ng Maykapal, at mga yaman na mayroon ang bayan gaya ng sinaunang mga bahay na repleksyon ng matibay na pundasyon ng mga Jubangnon.

*Grabe pa an istoryang makikita sa lumang harong*
*Repleksyon kan matibay na pundasyon kan mga Jubangnon,*
*Arog kasarig kan istorya san puno nin Gujuban*
*Kun sain nagbatog an kusog kan bilog na banwaan*
*Igwang mga tawo pa digding daeng paabaw-abawan*
*Segun nga sa nabati kong magayong himno san Juban*
*(makasusuriaw ang saimong kagayunan)*

Ang mga rawit-dawit na ito'y mayroong malaking epekto sa pamumuhay ng mga Jubangnon tulad ng malalaking lupain na taniman ng bayan. Makikita ang magagandang paliguan katulad sa Brgy. Buraburan sagana sa yamang-likas gaya ng produktong halamang-ugat. Makikita rin sa pag-uugali ng Jubangnon ang bukas na pagtanggap sa mga panauhin. Pagmamalaki sa lugar. Gaya ng sinaunang bahay na isa sa atraksyong nagpakilala sa bayan ng Juban. Makikita rin sa bayan ang simbahang gawa sa bato, San Antonio de Padua,isa sa itinatangi ng bayan. Kakikitaan ang mga Jubangnon ay nagkakaisa at nagpapahalaga sa bayan.

Ang pagapapahalagang ginagawa ng mga Jubangnon ay umaayon kay Calhoun (2005)[14] na ang kultura napag-aaralang pag-uugali, paniniwala,gawain at mga simbolo na nagiging daan upang ang isang grupo ng mamamayan ay magkaunawaan sa uri ng kanilang pamumuhay. Dagdag dito, ang pag-unawa sa kultura ay magbibigay sa sangkatauhan ng pagyakap sa iba pang kultura upang maiugnay sa pangangailangan ng bawat mamayan.

Sa artikulong sinulat ni Paloma (2010)[15], ang isang bansa ay lumilikha ng sariling kakilanlan dahil sa kultura. Ito ay nangangahulugang ang makulay na buhay ng mga Pilipino ay nagpapatunay na ang kulturang Pilipino ay bahagi ng pagpapaunlad ng isang katauhan.

**Temang Nakapaloob sa mga Akdang Jubangnon**

Ang tema ang sentro at pinagkaisang ideya. Itinuturing na pangmalakihang isyu na lumilitaw sa pangkabuoang kuwento (Bushnell, 2023)[16]. Ito ang nagpapakita ng mga paksain na mamamalas sa mga akdang pampanitikan mayroon ang bayan ng Juban katulad ng pagiging positibo sa buhay, pananalig sa Diyos, pagmamahal, pag-asa at pagkilala sa mga yamang-likas ng Juban.

**Pagiging positibo sa buhay.** Sa araw-araw na hamon ng buhay nararapat na dala-dalang adhikain, gaya ng pagiging positibo. Ano mang unos ang dumating ay napagtatagumpayan. Karamihan sa mga akdang jubangnon ay kakikitaan ng pagiging positibo sa buhay, ito'y nagdudulot ng magagandang Samahan ng jubangnon. Halaw mula sa akda na nagpapatunay sa pagiging positibo ng mga jubangnon.

*An ibang Barangay nan an kabuhayan*
*Higos lang san gabos an satong kaipuhan*
*Maghiwag na kita, di na maglaom sa iba*
*Kay an oras naton naglalarga"*
*(Kadi na sa Juban)*

Makikita sa itaas na ang bahagi ng awit ang pagiging positibo ng mga Jubangnon, gaya ng sariling pagsisikap at pagnanais na umunlad. Nakikita ang pagiging positibo sa paghangad ng pagbabago ng kanilang pamumuhay para sa ikakaunlad, ipinapakita pa ang kahalagahan ng oras.

**Pananalig sa Diyos.** pinakamahalagang bahagi sa buhay ng isang tao ang kanyang pananampalataya. Ito ang sandigan ng jubangnon upang mas lalong mapalakas ang pagtitiwala sa mga plano ng Panginoon. Kuha sa ilang awit ng manunulat ang pahayag sa ibaba:

*Kaya ikaw, ako, kita gabos magdaramayan*
*Atamanon an lugar na samong namomot-an*
*Magtiwala lang sa Diyos kay siya an kaglalang*
*San gabos na bagay digdi sa kinab-an*
*(salamat)*

Ang bahagi ng awit ay nagpapakita ng pananalig sa maykapal, buong pagtitiwala na lahat na narito sa mundong ibabaw ay ibinigay niya. Kinakailangan lamang nating magkasundo at magtiwala sa kaniyang mga plano.

*To our dearest Juban Institute,*
*we are filled with deepest gratitude,*
*to God whose the source of mercy*

*and most worthy of praise*
*(Juban Institute Hymn)*

Halaw mula sa himno ng Juban, nagpapakita ng pananalig na ang Diyos ay pinagmulan ng lahat ng mga biyayang tinatamasa ,kaya't kailangan nating ibalik iyun pagpupuri at pasasalamat sa mga biyaya.

Sa bahagi ng awit na pinamagatang Salamat at Juban Institute Hymn ay nagpapahayag ng pagtitiwala sa Diyos, pananalig sa mga biyayang ibibigay ng Maylikha at pasasalamat. Ang mga Jubangnon ay nagtitiwala sa Diyos at plano nito sa bayan.

**Pag-ibig.** Sa ating puso't isipan may salitang hindi mawawala tumutukoy ito sa malalim na damdamin ng pagmamahal, pagsasakripisyo at pagpapahalaga sa iba, ito rin ang nag-uugnay sa isang tao sa kanyang kapwa nagiging sandigan sa masasayang pagsasama at matagumpay na pamumuhay. Kalimitan sa mga akdang jubangnon ay kakikitaan ng iba't ibang pamamaraan ng pagpapadama ng pag-ibig na sinubok ng panahon, pagtitiwala at paniniwala ang mga ito ang naging daluyan ng damdamin ng bawat Jubangnon . Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa mga bahagi ng akdang jubangnon na nagpapakita kahulugan ng pag-ibig.

*That I promise to love you*
*with all of me*
*I want to spend my loving only you*
*Coz no one will keep us apart*
*remember that you have my heart*
*(all of me)*

Ipinapakita sa bahagi ng tula na all of me ang pag-ibig na wagas at totoo , buong pagkatao ay handa niyang ialay sa taong kaniyang iniibig. Walang makakapag-alis ng kanyang damdamin sa taong minamahal kahit sila pa ay magkawalay, ang kaniyang puso ay para sa kaniyang totoong minamahal.

*Bring you back, in my arms, in my heart, in my life*
*you're a dream that I've been holding to no matter what*
*the future brings I'll be there beside you*
*loving you*
*(loving you)*

Sa bahaging ito naman ng tula na loving you ay paghahangad sa pagmamahal ng isang tao. Handang magtiis at umaasa sa pagbalik muli ng minamahal. Pagmamahal na hindi maiwawaglit ,kahit ito'y nasa maling panahon, pagnanais na maibalik ang taong kaniyang pinapangarap at minamahal.

*The woman I ever loved*
*makes me feel alive*
*she makes me feel alive*
*on summer day*
*(on summer)*

Halaw sa bahagi ng tula na on summer ay nagpapakita ng pag-ibig sa maikling panahon ng pagsasama , masasabing maligaya at hinahanap-hanap. Bukod-tangi sa lahat ang kaniyang pag-ibig kahit ito'y panandalian lamang.

*Sa isang iglap namulat sa isang katotohanan*
*na ang buhay kailanman ay di tiyak*
*ngunit patuloy na lumalaban*
*na muli pang masilayan*
*ang umagang may pag-asa*
*(my reverse poetry)*

Habang ang tula na ito ng Reverse Poetry ay nagpapakita ng pag-ibig na halos humamon sa pagkatao na may-akda. Ito ang kanyang nadama ng siya'y umibig at nasawi . Sa kabila ng lahat ng nadamang sakit at pagdurusa, patuloy pa rin ang paghangad ng totoong pag-ibig.

*Paaram saimo banuang minamahal, dagang pinaorog nin astro nin aldao,Perlang magayonon, mutia sa sirangan, maguinhauang Eden, ica babayaan.Aco mapa-gadan ta saimo I-alay buhay cong mamondo asin malipongao,Cun cuta na maogma, masarig, mabansay, lalo cong idolot ngani cang ma-buhay.*
*(Huring Paaram)*

Ang bahaging ito ng Huring Paaram ay nagpapakita ng pag-ibig para sa tinubuang lupa. Ang buhay ay handang ialay para sa ikabubuti at kapakanan ng bayan. Mula ito sa akda ni Jose P. Rizal na isinalin sa ikol ni Jose Figueroa.

Makikita sa nakuhang bahagi ng mga tula ang pagpapahayag ng damdamin, paghahangad ng maibalik ang pag-ibig, alaala tungkol sa masasayang pangyayari. Ito ay nagpapakita na ang mga Jubangnon ay hindi lamang nagpapahalaga sa mga yamang likas na mayroon ang bayan maging ang pagmamahal ng bawat-isa. Ito rin ay nagiging daan upang maipahayag ng mga Jubangnon ang kanilang nararamdaman. Ang mga tulang ito ang nagpamulat sa mga Jubangnon na ang kanilang nararamdaman ay maaaring ipahayag at pahalagahan.

Pagkilala sa yamang likas. ang mga yamang likas ay magagandang puntahan na maaari nating ipagmalaki sa ibang bayan. Halos karamihan sa mga akdang jubangnon ay nagpapakita ng pagkilala sa yamang likas ito'y lubos nilang ipinagmamalaki sa kanilang mga akda, ipinapakita nito ang kanilang pagpapahalaga, pagtangkilik at pagmamahal sa yamang mayroon ang kanilang bayan. Narito ang bahagi ng awitin na nagpapakita ng yamang-likas ng bayan.

*May sarong lugar na pinagugujuban*
*Na ginigibung pulot ilaw kan banwaan*
*Bulawan na kapatagan makahoy na kadlagan*
*Mayaman na kadagatan mahiwas na kabas-an*
*(Juban kong Padangat)*

Halaw sa awit na Juban kong Padangat ang pagkilala sa mga yamang mayroon ang bayan, gaya ng puno ng milipili na ang dagta nito ay ginagawang ilawan , mga kapatagan na napupuno ng mga punong-kahoy , masaganang karagatan higit sa lahat magagandang taniman.

*Kakantahon ta ngonian*
*An kagayunan kan satuyang banwa*
*na dinakulaan, yamang-likas na*
*Kun kita gabos digdi magdadaramayan*
*Sigurado an kauswagan"*
*(Kadi na sa Juban)*

Makikita sa awit na may pamagat na Kadi na sa Juban pagpapahalaga sa pagtutulong-tulong sa paggawa upang mapaunlad ang bayan ng Juban. Makakatulong ang pagdadamayan ng bawat jubangnon para sa ikakaunlad ng bayan ng Juban.

*Mga Batong Balay ,Antigong Simbahan*
*asin magagayon na mga karigusan*
*Na nagsisirbing handuman kan mga ginikanan*
*Kadi na kamo sa Poblacion kan Juban*
*Bulahos kang aakoon kan Banwaan"*
*(Magayon na Juban)*

Makikita sa bahagi ng awit na Magayon na juban ang pagpapahalaga sa mga magagandang puntahan sa bayan katulad ng sinaunang mga bahay sa kung saan nagpapaganda at nagbibigay pagkilala sa mga jubangnon. Ang simbahang mayroon rin ang bayan na pundasyon ng paniniwala at ang magagandang paliguan ng bayan ng Juban.

*Kararigos na man kita sa baryo san Buraburan*
*An mapresko na burabod dianisun paglanguyan*
*Ugbos gabi, lubi- lubi, pako na magugulay*
*Mayad sa salud, pampahalaba san buhay*
*Ipagmalaki ta daw an lugar nin Puting- sapa*
*An dugos na masiramon didi ta man makikita*
*Mga batit pag nag- inom makusog an resistensiya*
*Pati man sa mga gurang, bulong asin bitamina*
*(Produktong Jubangnon)*

Makikita sa bahagi ng awit na Produktong jubangnon ang pagkilala sa mga likas na yaman katulad ng mga paliguan na nagsisilbing dayuhin ng mga turista at ang tubig nito ay pwedeng gawing inumin na hanggang kasalukuyan, mga pananim na makakain gaya ng halamang-ugat.

*Sa paglibot-libot ko palan, igwa akong naar'man*
*lain lamang pala sa daraga ako ginayunan*
*Sa kada lugar na makadtuan, igwa ning panlaban*
*An gayon palan san Juban lain gud matatawadan*
*Magbatog sa kabubudlan pati na sa kadagatan*
*Sa mga bukal digdi na simbolo nin kasaganahan.*
*(Makasusuriaw ang Saimong Kagayunan)*

Makikita sa awit na makasusuriaw ang saimong kagayunan ang mga lugar na sumisimbolo sa kasaganahan at kagandahan ng bayan ng Juban. Makikita ang pagpapahalaga at pagkilala ng mga jubangnon sa mga yamang-likas, Ipinagmamalaki ito sa mga turista ng bayan ng Juban.

Makikita sa itaas ang ilang bahagi ng awit na may pamagat na Juban kong padangat, Kadi na sa Juban at Magayon na Juban. Ang rawit- dawit na Produktong Jubangnon, Padabaon at Makasusuriaw ang saimong kagayunan. Ito'y nagpapakilala sa mga yamang likas sa bayan, gaya ng magagandang puntahan sa bayan, sinaunang bahay, mga paliguan na mayroong malinis na inuming tubig nariyan ang Tangke at Isla del sol sa Bacolod, Paliguan sa Buraburan at La Kristi sa Añog na hanggang sa kasalukuyan ay dinarayo, nariyan rin kanilang magandang simbahang gawa sa bato ang San Antonio de Padua na ipinagmamalaki ng bayan. Mga produktong mayroon ang bayan ng Juban gaya ng pakwan, mais, dugos at iba pa. Sa mga yamang likas na ito

nakilala ang bayan ng juban .Maraming pangangangailangan ng mga jubangnon na sa mga yamang likas nila nakukuha ito rin ang nagsisilbing pamumuhay at buhay.

**Ambag ng mga Akdang Jubangnon sa bayan ng Juban.**

Makikita ang natatanging ambag ng akdang Jubangnon sa pagkilala ng bayan ng juban. Ito'y magbubukas upang pahalagahan, kilalanin at likumin ang mga akdang mula sa bayan ng Juban. Makikita ang pagpapahalaga nito sa kultura,kabang-yaman at pagkakaisa. Narito ang naging ambag ng mga akdang isinulat sa panitikang Jubangnon.

**Karagdagang babasahin at sanggunian ng lokal na pamahalaan.** Ang mga akdang ito ang magsisilbing instrumento na magagamit ng mga guro at mag-aaral sa pagkilala sa mayamang kultural ng sariling bayan ng Juban. Ito rin ang magsisilbing daan upang makilala ng mga mag-aaral sa uri ng pamamuhay, gawi at maging ang tradisyon ng mga tao sa bayan. Ang mga akdang ito ang magsisilbing karagdagang babasahin sa lokal na bayan ng Juban upang mas makilala ang mga akdang Jubangnon at tangkilikin at magkaroon ng sapat na kamalayan sa kahalagahan ng pagkilala ng sariling likha. magkaisa sa pagpapalaganap at pagpapaunlad ng kultura at yaman na mayroon ang bayan ng Juban. Narito ang sinabi ng isa sa nakapanayam:

*Kinilala ang saakon na mga nagibuan*
*pan-o sa niluwas na Resolusyon no.44 s.2019*
*"Valuable Contribution towards Enrichment of*
*Juban Culture" kan saamong munisipyo.*

*Salin: Nakilala ang aking mga akda dahil sa*
*inilabas na Resolution no.44 s.2019 "Valuable*
*Contribution towards Enrichment of Juban Culture*
*ng aming munisipyo.*

Batay sa tugon ng manunulat siya ay kinilala ng pamayanan ng Juban, Sorsogon sa tulong ng paglabas ng resolusyon na Valuable Contribution towards Enrichment of Juban Culture, nagpapakita lamang ito ng napakalaking ambag niya bilang manunulat ng bayan. Ipinapakita lamang nito na sinusuportahan ng LGU, ang mga lokal na manunulat at nagpapahalaga sa panitikang Jubangnon na makapagbibigay inspirasyon sa mga susunod pang henerasyon na tangkilikin at gamitin ang mga sariling likha ng bayan ng Juban.

Pagkilala sa mga manunulat na Jubangnon. Nangangahulugan na malaki ang ambag ng mga manunulat na Jubangnon pagmulat ng kamalayan sa sariling kultura. Ito'y manghihikayat sa mga Jubangnon na tangkilikin at kilalanin ang mga akda .Nagbibigay ito ng implikasyon na nararapat na bigyang pansin at pahalagahan ang mga akdang jubangnon na kaugnay ng kultura at kasaysayan. Narito ang ilang sinabi ng mga nakapanayam ng mananaliksik:

*Ang akong mga nagibuan na kantahon ay kinilala*
*sa 1st Division Coral Festival sa Division of Sorso*
*Province at nanggana pa, sobrang naoogma ako na*
*nakilala ini asin nadara namon ang tibay san mga taga-*
*Juban. Dagdag pa didi na kinilala kami san among munisipyo*
*bilang mga parakanta at iniimbitaran sa mga okasyon san*
*munisipyo at tinagan nin parangal.*

*Salin:Ang aking nagawang awitin ay nakilala sa 1st Division Coral Festival sa Division of Sorsogon Province at nanalo ,napakasaya at naipakita naming ang galing ng mga jubangnon .karagdagan pa ay lagi na kaming isinasama sa pagdiriwang na nagaganap sa munisipyo at binigyan pa kami ng pagkilala.*

Ipinakita sa pahayag ng manunulat ang likhang Jubangnon ay tunay ngang nagdadala ng pagkakakilanlan sa bayan ng Juban. Ito ang nagbubukas ng oportunidad na makilala at bigyang ng pagpapahalaga ang mga akda sa tulong ng pagsuporta ng pamahalaan ng bayan.

Bilang naging implikasyon nito sa buhay ng mga Jubangnon, ito ay nagpapakita ng ang bawat akda na binigyan ng pagpapahalaga at pagkilala , ay lalong nagpupursige upang ipakita ang galing ng bawat indibidwal .

Makilala ang mga akdang Jubangnon. Ang pagkilala sa sariling akdang pampanitikan ay nagpapahiwatig ng suporta at pagtitiwala sa kakayahan at interes ng mga Jubangnon. Ipinapakita rito ang sariling kultura at kasaysayan ng bayan ng Juban, sumasalamin sa malaya at mayamang kultura ng bayan ng Juban. Kaya't sa pag-aaral na ito ay nilikom ang mga panitikang na makatutulong upang makilala ang mga akdang jubangnon bilang mga akdang pakikinabangan ng komunidad at mag-aaral. Narito ang ilang pahayag ng nakapanayam ng mananaliksik,

*"Ang aking ginawang akda ay ginamit na piyesa*
*sa kontest ng aming barangay. Nakakatuwa kasi*
*pinahalagahan nila ang aking gawa. Tapos po nakita*
*ko nakasulat na ito sa aming diyaryo."*

Batay sa sinabi ng nakapanayam ng mananaliksik ang kanyang nagawang piyesa ang ginamit sa isang patimpalak pang barangay at nanalo ito. Ang nasabing pahayag ay nagpapakita ng pagkilala sa mga akdang Jubangnon na bahagi ito ng panitikang lokal. Ito ay magandang simulain sa pagkilala ng mga manunulat ng bayan. Makatutulong ito upang mas mahikayat ang iba pang manunulat na gumawa at ipakilala ang sariling akdang Jubangnon.

Ang mga nabanggit na mga ambag ng panitikang Jubangnon ay nagpapakita kahalagahan ng mga nagawang akda na makatutulong sa pagkilala, pagpapahalaga at panghihikayat sa iba pang manunulat na gumawa at ipakilala ang akda. Narito ang mga nabanggit na ambag karagdagang babasahin at sanggunian ng lokal na pamahalaan, Pagkilala sa mga manunulat na Jubangnon at Makilala ang mga akdang Jubangnon.

Ang bawat ambag ng pantikanag Jubangnon gaya ng karagdagang babasahin at sanggunian ng lokal na pamahalaan, Pagkilala sa mga manunulat na Jubangnon at Makilala ang mga akdang Jubangnon. Ipinapakita ang kahalagahang maidudulot ng akdang pampanitikang jubangnon na maaaring magamit bilang karagdagang babasahin na magbibigay interes sa mga mag-aaral upang buhayin ang pusong makabayan at mabigyan ng pagtangkilik at pagpapahalaga ang sariling likhang Jubangnon. Lokal na sanggunian ng panitikan ito ay nagpapakita ng yamang ng panitikan na mayroon ang bayan ng Juban. Nagkakaisa sa pagpapalaganap at pagpapaunlad ng kultura at yaman na mayroon ang bayan ng Juban. Pagkilala sa mga manunulat na Jubangnon napakahalaga ng papel na ginagampanan ng mga manunulat na jubangnon sa pagkilala at pagpapa-unlad ng kanilang kultura. Sila ang naging daan upang makilala ang bayan ng juban, matuklasan ang yamang mayroon ito. Makilala ang mga akdang Jubangnon at ito'y nagpapakita na ang akdang Jubangnon ay patuloy na umuusbong. Patuloy itong tangkilikin ,paunlarin at buhayin na magbigay inspirasyon sa mga Jubangnon na pagyamanin ang sariling mga likha. Ito'y nakapagbibigay ng pagkilala sa kultura, pamumuhay na sumasalamin sa panitikan ng bayan.

Nagbibigay ito ng implikasyon na dapat bigyang pansin ang halaga ng mga akdang jubangnon upang mas mapayaman at makilala ang kultura at kasaysayan na nagbigay buhay sa sariling pagkakakilanlan. Pahalagahan ang mga yamang mayroon ang bayan. Ipagmalaki at tangkilikin ang sariling mga likha. Ang panitikang ito ay magsisilbing daan upang buksan ang damdaming nagmamahal sa kasaysayan at mayamang kultura ng isang lugar.

Ayon sa pananaliksik ni Malate (2008)[20] banggit ni Solayo sa kaniyang pag-aaral tungkol sa kagamitang pampanitikan sa sekondarya, natuklasan na ang pagbabasa ng akdang pampanitikan na makatutulong ng malaki sa pag-unawang kritikal at pagiging malikhain nito.

Tinuran nga ni Arrogante et.al (2010)[17] na ang bawat bansa ay may sari-sariling kultura, may sari-sariling identidad na madaling pagkakakilanlan ng bawat isa. Kung kaya natural na ang bawat isa ay may sarili ring panitikan na nagsasalamin sa tangi at tunay na pagkatao, pagkalahi, at pagkabansa.

## KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan, nabuo ang sumusunod na konklusyon: Ang mga manunulat na Jubangnon ay nakahiligang sumulat ng mga panitikang patula tulad ng awit, tula at rawit-dawit. May pagkakaparehong tema mayroon ang akdang pampanitikang Jubangnon. Malaki ang naiambag ng mga Panitikang Jubangnon sa pagkilala ng bayan ng Juban.

Mula sa natuklasan at nabuong konklusyon, nabuo ang mga rekomendasyon. Maaring gawan ng mga recording ang mga awitin na jubangnon upang maipakilala sa tulong ng lokal na mga radio sation. Maaaring magsagawa ng mga workshop upang makakilala ng mga bagong manunulat sa bayan ng Juban, Sorsogon. Nararapat na makipagtulungan at magkaisa ang lahat sa pagpapaunlad at pagpapalaganap ng mga panitikang Jubangnon upang higit na makilala at mapahalagahan ang lugar, kultura, kasaysayan at yamang mayroon ang bayan ng Juban. Ang mga mga nakalap na panitikang Jubangnon ay maaaring magamit bilang lunsaran sa pagtuturo ng mga guro upang higit na kawili-wili at madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin. Maaari din itong gawing babasahing lokal sa tulong ng LGU ng bayan ito ay isang epektibong paraan sa pagtangkilik at pagpapakita ng pagpapahalaga sa mga akdang Jubangnon bilang pagkilala sa kanilang kultura at kahanga-hangang panitikan. Magamit ang nabuong awtput sa pagpapalaganap ng panitikang jubangnon sa bawat barangay ng Juban, Sorsogon. Magsagawa ng iba pang pag-aaral na may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik upang maging sandigan at gabay ng susunod na mga mananaliksik sa ganitong paraan makakatuklas ng mga panibagong akdang pampanitikan at manunulat, upang lubos na tangkilikin at kilalanin natatagong panitikan sa pamamagitan ng paglalathala ng mga ito.

## SANGGUNIAN


[1] [10] [17] Arrogante, Jose A. Et.al. Panitikang Filipino Antolohiya, Binagong Edisyon . Mandaluyong City: National Bookstore, 2010, 2021.

[2] Pineda, Ponciano B.P. et al. (2006). Ang Panitikang Pilipino sa Kaunlarang Bansa, Pandalubhasaan. Kalookan City. National Book Store, Philippine Graphic Arts, Inc.

[3] Pangkalinawan Leticia G. et al. 2006. Panitikan sa Iba't Ibang Rehiyon, Mutya Publishing House, Inc. Valenzuela City.

[4] Artikulo XIV, Seksyon 15-16 ng kontitusyong 1987 *The 1987 Constitution of the Republic of the Philippines – ARTICLE xiv | Govph*. (n.d.). Official Gazette of the Republic of the Philippines. https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/the-1987-constitution-of-the-republic-of-the-philippines/the-1987-constitution-of-the-republic-of-the-philippines-article-xiv/

[5] Ramos, J. 2014. Panitikang Pilipino. Quezon City: Rex Bookstore Inc.

[6] CHED Memorandum No.59, s.1996 (n.d.). NLP Digital Library. https://nlpdl.nlp.gov.ph/CH01/MO/1996/CH0MO0059s1996.pdf

[7] Estera, John Emil D.(2018). Wikang Filipino gamit sa pagkilala ng Turismong Jubangnon Juban, Sorsogon. Sorsogon State College, Lungsod ng Sorsogon.

[8] Komisyon sa Wikang Filipino Diksiyonaryo. 2021. (n.d.). KWF Diksiyonaryong Filipino. https://kwfdiksiyonaryo.ph/

[9] Presidential Decree No. 1505 Amending Presidential Decree No. 260 , as amended , by Prohibiting the Unauthorized modification , alteration , repair and destruction of original features of all National Shrines , Monuments, Landmarks and other imprtant Historic Edifices. Malacañang ,Manila.1978

[11] Villafuerte, P. V. (2000). Regional literature in the Philippines [Panitikang panrehiyon sa Pilipinas]. Valenzuela City: Mutya Pu blishing House.

[12] Saligang Batas 1987, Artikulo XIV, Seksyon 16, Bilang 2. https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/ang-konstitusyon-ng-republika-ng-pilipinas-1987/

[13] Tan, Patricinio(2008) Panunuring Pampanitikan, Valenzuela City: Mega Jerse Press. Inc.

[14] Calhoun, Alicia (2005). Culture: A Critical Review of Conecepts and Definitions. DIWA-E-JOURNAL, Ateneo De Manila, Philippines.
[15] Paloma, Epifania N.,1997 The Modern Teacher . Vol. XLVI No
[16] Bushnell(2023). What is a theme in Literature?Definition and Examples. School of Writing Literature and Film. Oregon State University Retrieved from https://liberalarts.oregonstate.edu/wlf/what-theme

International Research Journal
IJNRD
Research Through Innovation